



2400 Moorpark Avenue, Suite 300, San Jose, CA 95128
749 Story Road, Suite 50, San Jose, CA 95122
Telepono: (408) 975-2730
Fax: (408) 975-2745

AACI

Paunawa sa mga Gawaing ukol sa Pribasya

Epektibong Petsa: Ika-1 ng Enero, 2017

ANG PAUNAWANG ITO AY NAGLALARAWAN KUNG PAANO ANG IMPORMASYON SA KALUSUGANG PANGMEDIKAL AT PAG-UUGALI NA TUNGKOL SA INYO AY MAAARING MAGAMIT O MAISIWALAT, AT KUNG PAANO NINYO MAA-ACCESS ANG IMPORMASYONG ITO. MANGYARING I-REVIEW ANG PAUNAWANG ITO NANG MABUTI.

Para sa higit pang impormasyon, mangyaring makipag-ugnay sa sumusunod:

AACI Health Center
Elizabeth Hunt, MPA, MSW
Senior Manager (Nakatataas na Manedyer), Quality Improvement (Pagpapabuti ng Kalidad)
2400 Moorpark Ave., Suite #300
San Jose, CA 95128
(408) 975-2730 x 114 Fax (408) 975-2745
Eliazbeth.hunt@aacj.org

AACI Behavioral Health
Duy Pham, LCSW
Manager of Quality Improvement (Manedyer sa Pagpapabuti ng Kalidad)
2400 Moorpark Ave., Suite #300
San Jose, CA 95128
(408) 975-2730 ext. 147 | Fax (408) 975-2745
duy.pham@aacj.org

**Asian Americans for Community Involvement (Mga Asyano Amerikano
Para sa Pakikibahagi sa Komunidad)**

**AACI
Paunawa sa mga Gawaing ukol sa Pribasya**

Ang Paunawang ito ay naglalarawan sa mga gawaing ukol sa pribasya ng Asian Americans for Community Involvement (Mga Asyano Amerikano Para sa Pakikibahagi sa Komunidad) at ng mga programa nito, at ang mga gawain ukol sa pribasya ng:

- Lahat ng aming lisensyadong doktor, nurse, medical assistant, psychotherapist, kabilang ang mga psychiatrist, psychologist, marriage and family therapist, lisensyadong propesyonal na clinical counselor, at clinical social worker;
- Lahat ng aming lisensyadong counselor sa kalusugan ng pag-iisip, gaya ng mga trainee at intern sa kalusugan ng pag-iisip, parapropesyonal na counselor, at case manager;
- Lahat ng aming empleyado, kabilang ang staff, boluntaryo, at iba pang tauhang nagtatrabaho sa amin o sa ngalan namin; at
- Lahat ng aming departamento, hal., Mga Departamento sa Billing at Edukasyon.

Ang Aming Pangako

Nauunawaan ng AACI na ang impormasyon sa kalusugan na tungkol sa inyo ay kumpidensyal at kami ay nangangakong poprotektahan ang inyong Personal Health Information (Personal na Impormasyon sa Kalusugan - PHI). Kapag kayo ay nakatanggap ng mga serbisyo sa AACI, kami ay lumilikha ng isang rekord ng mga serbisyong ito upang mas mabuti kayong mapagsilbihan. Kailangan namin ang rekord na ito upang magbigay sa inyo ng de-kalidad na pangangalaga at sumunod sa mga ligal na pangangailangan. Ang Paunawang ito ay naaangkop sa lahat ng aming mga rekord tungkol sa pangangalaga sa inyo, ito man ay ibinigay ng aming mga counselor sa kalusugan ng pag-iisip at/o iba pang nagtatrabaho sa ngalan ng AACI. Sinasabi rin sa inyo ng Paunawang ito ang tungkol sa mga paraang maaari naming gamitin at isiwalat ang inyong protektadong impormasyon sa kalusugan, at inilalarawan sa inyo ang inyong mga karapatan pagdating sa impormasyon sa kalusugan na tungkol sa inyo na aming pinananatili at ang aming obligasyon kapag ginamit at isiniwalat namin ang naturang impormasyon.

Kami ay inaatasan ng batas na:

- Siguraduhing ang impormasyon sa kalusugang tumutukoy sa inyo ay pananatiliing pribado alinsunod sa mga pang-Estado at pederal na batas;
- Ibigay sa inyo ang Paunawang ito ng inyong mga ligal na tungkulin at mga gawaing ukol sa pribasya pagdating sa inyong protektadong impormasyon sa kalusugan; at
- Sundin ang mga kondisyon ng paunawang ito na kasalukuyang ipinapatupad para sa lahat ng inyong protektadong impormasyon sa kalusugan.

Paano Namin Maaaring Gamitin at Isiwalat ang Inyong Protektadong Impormasyon sa Kalusugan

Sa pangkalahatan, pinahihintulutan ng batas ang AACI na gamitin at/o isiwalat ang inyong protektadong impormasyon sa kalusugan para sa paggagamot, pagbabayad, at mga pagpapatakbo ukol sa pangangalagang pangkalusugan, pati na rin sa mga layunin ng internal na komunikasyon na kinabibilangan ng email at fax.

Ang mga programa ng AACI ay karaniwang kukuha ng pinirmahang awtorisasyon mula sa inyo bago ilabas ang alinman sa inyong protektadong impormasyon sa kalusugan sa anumang panlabas na entidad. Kayo ay may karapatang bawiin ang anumang awtorisasyong inyong ibinigay. Ngunit, ang pagbawi ng awtorisasyon ay pipigil lamang sa aming mas higit na magsiwalat ng inyong PHI. Kung nakagawa na ang AACI ng isang awtorisadong pagsisiwalat bago ang inyong pagbawi, ang programa ay kumilos nang ayon sa inyong awtorisasyon at hindi nito kinakailangang subukang bawiin ang impormasyong naisiwalat na nito. Ang lahat ng mga pagbawi ng awtorisasyon ay dapat na nakasulat. Nauunawaan ninyong hindi namin maaaring mabawi ang anumang mga pagsisiwalat na amin nang nagawa na may pahintulot ninyo, at na kami ay inaatasan ng batas na itago ng aming mga rekord ng mga serbisyo o paggagamot na aming ipinagkaloob sa inyo. Ngunit, may mga pagkakataong kung saan ang naunang awtorisasyon mula sa inyo ay hindi maaaring maging praktikal, maisasagawa at/o posible. Sa mga pagkakataong ito, ang AACI ay inaatasan ng mga pang-estado at/o pederal na regulasyon na ilabas ang inyong protektadong impormasyon sa kalusugan nang wala ang inyong permiso. Kabilang sa mga pagkakataong ito ang:

Paggagamot. Maaaring gamitin at isiwalat ng AACI ang PHI upang mapagkalooban kayo ng paggagamot o mga serbisyo. Maaari naming isiwalat ang impormasyon sa kalusugan na tungkol sa inyo sa mga doktor, nurse, technician, psychiatrist, psychologist, social worker, parapropesyonal, case manager, lisensyadong marriage and family therapist, estudyante ng medisina, intern at trainee at iba pang nakikibahagi sa inyong pangangalaga. Maaari naming ibahagi ang mga medikal na rekord sa inyong doktor, laboratoryo sa loob ng AACI na nagsasagawa ng mga pagsusuring hiniling ng inyong doktor. Maaari rin naming ibahagi ang inyong PHI sa mga nursing home o iba pang mga ahensya sa pangangalagang pangkalusugan sa komunidad upang isaayos ang para sa patuloy na paggagamot pagkatapos ninyong lisanin ang mga serbisyo ng AACI. Ang iba't ibang programa sa loob ng AACI ay maaaring magbahagi ng impormasyon upang pag-ugnayin ang mga serbisyong inyong kailangan at mapanatili ang de-kalidad na pangangalaga.

Pagbabayad. Maaaring gamitin at isiwalat ng AACI ang inyong PHI nang sa gayon ang paggagamot at mga serbisyong inyong tinatanggap ay mai-bill at ang kabayaran ay makolekta mula sa inyo, kumpanya ng insurance o ikatlong partido. Ngunit, sa lahat ng mga kaso, ang impormasyong isisiwalat ay magiging minimum na kailangan lamang upang masiguro ang kabayaran. Halimbawa, maaari naming sabihin sa inyong health plan ang tungkol sa paggagamot na inyong tatanggapin upang makakuha ng paunang pag-apruba o upang malaman kung magiging sakop ng inyong plan ang inyong paggagamot. Maaari rin kaming magbigay ng payak na impormasyon tungkol sa inyo at ang inyong health plan, insurance holder o mga ikatlong partido sa labas ng AACI na nakikibahagi sa inyong pangangalaga upang tulungan sila sa pagkuha ng kabayaran para sa mga serbisyong ibinigay nila para sa inyo.

Mga Pagpapatakbo. Maaaring i-access, gamitin o ibahagi ng AACI ang PHI para sa mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan. Ang mga paggamit at pagsisiwalat na ito ay kailangan upang mapabuti ang kalidad ng pangangapaga at pagsasanay sa mga programang pang-edukasyon para sa staff ng AACI. Maaari naming i-access at ibahagi ang PHI upang sumunod sa mga batas at regulasyon, para sa mga kontraktwal na obligasyon, pagsumite ng elihibilidad sa mga claim ng payee, pagpapalano ng negosyo, marketing, at para sa panloob na pagpapatakbo sa AACI. Halimbawa, maaaring naming i-access, gamitin at isiwalat ang PHI upang i-review ang mga paggagamot at serbisyong ibinigay sa inyo at upang suriin at pagbutihin ang pangangalaga sa inyo ng staff ng AACI. Maaari rin naming pagsamahin ang PHI na mayroon kami sa ibang mga sistema ng pangangalagang pangkalusugan o mga kasama sa negosyo upang ihambing ang aming pagganap at makita kung saan namin maaaring mapabuti ang pangangalaga at mga serbisyo.

Mga Serbisyong May Kaugnayan sa Kalusugan at Mga Aktibidad sa Paggagamot. Maaaring gamitin at isiwalat ng AACI ang PHI upang ipaalam sa inyo ang tungkol sa mga serbisyong may kaugnayan sa kalusugan o mga inirerekomandang opsyon o alternatibo sa paggagamit na kayo ay maaaring maging interesado.

Kung pipiliin ninyong hindi tumanggap ng impormasyong ito o kung nais ninyong gamitin namin ang ibang adres, mangyaring ipaalam sa isa sa mga miyembro ng aming service team.

Mga Indibidwal na Nakikibahagi sa Inyong Pangangalaga o Pagbabayad Inyong Pangangalaga.

Maaaring isiwalat ng AACI ang PHI tungkol sa inyo sa isang kaibigan o miyembro ng pamilyang nakikibahagi sa inyong pangangalaga o sa taong tumutulong sa pagbabayad ng inyong pangangalaga.

Mga Pagpapaalala sa Appointment. Maaaring gamitin o isiwalat ng AACI ang PHI tungkol sa inyo upang makipag-ugnay sa inyo bilang paalala sa kayo ay may appointment.

Mga Medikal na Emergency. Sa mga sitwasyong kung saan may agarang banta sa inyong kalusugan at kapag kailangan ang medikal na interbensyon, maaaring isiwalat ng AACI ang inyong protektadong impormasyon sa kalusugan sa pampubliko o pribadong medikal na tauhan sa abot ng pangangailangan upang matugunan ang inyong bona fide na medikal na emergency at/o medikal na emergency ng sinumang ibang tao. Halimbawa, sa kaganapan ng medikal na emergency, maaari naming kailanganing kumontak ng ambulansya upang ihatid kayo at maaari naming isiwalat ang PHI upang kayo ay makatanggap ng pangangalaga.

Donasyon ng Organ at Tissue. Kung kayo ay isang organ donor, maaaring isiwalat ng AACI ang impormasyon sa kalusugan na tungkol sa inyo sa mga organisasyong nangangasiwa sa pagkuha ng organ o pag-transplant ng organ, mata o tissue o sa isang organ donation bank, gaya ng kailangan upang mapangasiwaan ang pagbibigay ng organ o tissue at pag-transplant.

Upang Maiwasan ang Seryosong Banta sa Kaligtasan ng Kalusugan. Maaaring gamitin at isiwalat ng AACI ang PHI na tungkol sa inyo kapag kailangan upang maiwasan ang seryosong banta sa inyong kalusugan at kaligtasan o kalusugan at kaligtasan ng publiko o ng ibang tao. Ngunit, ang anumang pagsisiwalat ay para lamang sa isang taong makakatulong sa pagpigil ng banta.

Militar at mga Beterano. Kung kayo ay miyembro ng sandatahang lakas o humiwalay/na-discharge mula sa mga serbisyong militar, maaaring ilabas ng AACI ang impormasyon sa kalusugan na tungkol sa inyo gaya ng iniaatas ng mga awtoridad ng military command o Department of Veterans Affairs gaya ng naaangkop. Maaari rin naming ilabas ang impormasyon sa kalusugan na tungkol sa tauhan ng dayuhang militar sa mga naaangkop sa mga awtoridad ng dayuhang militar.

Ang Workers Compensation. Maaaring isiwalat ng AACI ang PHI na tungkol sa inyo para sa workers compensation o mga kahalintulad na programa. Ang mga programang ito ay nagbibigay ng mga benepisyong para sa trabaho na may kaugnayan sa mga kapinsalaan o sakit.

Mga Koroner, Taga-eksamin ng Kalusugan at Direktor ng Punerarya. Maaaring isiwalat ng AACI ang PHI na tungkol sa aming mga pasyente sa mga koroner o taga-eksamin ng kalusugan. Maaaring maging kailangan ito, halimbawa, upang matukoy ang taong namatay o upang malaman ang sanhi ng kamatayan. Maaari rin naming ilabas ang PHI sa mga direktor ng punerarya gaya ng maaaring maging kailangan para maisagawa nila ang kanilang mga tungkulin.

Pambansang Seguridad at mga Aktibidad ng Intelligence. Maaari naming isiwalat ang PHI na tungkol sa inyo sa mga awtorisadong opisyal para sa intelligence, counter intelligence at iba pang mga aktibidad para sa pambansang seguridad na awtorisado ng batas. Maaari rin naming isiwalat ang PHI sa mga awtorisadong pederal na opisyal nang sa gayon ay maprotektahan nila ang Pangulo, ang pamilya ng Pangulo, o iba pang mga itinalagang tao o mga dayuhang namumuno ng estado o magsagawa ng espesyal na imbestigasyon.

Mga Bilanggo. Kung kayo ay isang bilanggo ng isang koreksiyonal na institusyon o sa ilalim ng kustodya ng mga opisyal ng pagpapatupad ng batas, maaaring isiwalat ng AACI ang PHI sa koreksiyonal na institusyon o mga opisyal ng pagpapatupad ng batas. Ang pagsisiwalat ng PHI ay kailangan:

1. Ibigay ang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na inyong kailangan
2. Protektahan ang inyong kalusugan at kaligtasan o kalusugan at kaligtasan ng iba
3. Para sa kaligtasan at seguridad ng koreksiyonal na institusyon.

Mga Pagsasampa ng Demanda at Hindi Pagkakasundo. Maaaring isiwalat ng AACI ang inyong PHI bilang pagtugon sa mga pagsisiwalat na iniutos ng korte kung saan ang utos ng korte ay inisyu alinsunod sa mga pamamaraang tinukoy ng mga pang-Estado at/o Pederal na Regulasyon. Maaari rin namin isiwalat ang medikal na impormasyon na tungkol sa inyo bilang pagtugon sa isang subpoena, kahilingan ng pagtuklas ng ibang prosesong naaayon sa batas ng iba pang taong sangkot sa hindi pagkakasundo, ngunit para lamang kung nagsumikap na ipaalam sa inyo ang tungkol sa kahilingan (na maaaring samahan ng nakasulat na paunawa) o upang humiling ng utos na pumuprotekta sa hiniling na impormasyon. Isiwalat lamang namin ang mga rekord sa paggagamot na may kinalaman sa kalusugan ng pag-iisip at droga/alkohol bilang pagtugon sa subpoena kapag aming natanggap ang utos ng korte o awtorisasyon mula sa pasyente.

Pagpapatupad ng Batas. Maaari naming i-access, gamitin o isiwalat ang PHI kung hihilingin ng opisyal ng pagpapatupad ng batas na gawin ito:

- Bilang pagsunod sa utos ng korte, subpoena, warrant, subpoena ng grand jury, mga summon, o kahalintulad na proseso.
- Upang matukoy o mahanap ang pinaghihinalaang may sala, pugante, materyal na saksi, o nawawalang tao;
- Tungkol sa biktima ng isang krimen, kung sa partikular na limitadong pangyayari ay hindi namin direktang nakuha ang permiso mula sa biktima ng krimen;
- Tungkol sa kamatayang aming pinaniniwalaang maaaring sanhi ng kriminal na gawain
- Tungkol sa kriminal na gawain sa alinman sa aming mga pasilidad; at
- Sa mga pangyayaring pang-emergency upang iulat; isang krimen; lugar ng krimen; o ang identidad, paglalarawan o lokasyon ng taong gumawa ng krimen.

Ang mga rekord ng serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at alkohol at droga ay nangangailangan ng mga ligal na proteksyon at hindi maaaring ilabas nang walang pormal na utos ng korte o isang awtorisasyon ng pasyente o ng kinatawan ng pasyente, maliban sa ilang mga limitadong pangyayari gaya ng pinahihintulutan ng batas.

Mga Krimen sa Ari-arian ng AACI at Laban sa mga Emplevado ng AACI. Kung kayo ay nakagawa ng krimen o nagbantang gagawa ng krimen sa mga pasilidad ng AACI o laban sa mga tauhan ng AACI, maaari naming iulat ang krimen sa ahensya ng pagpapatupad ng batas at/o humingi ng tulong nito. Maaaring isiwalat ng AACI ang mga pangyayari ng insidente, kabilang ang (ngunit hindi limitado sa) inyong pangalan, adres, huling kilalang kinaroroonan, at inyong kalagayan bilang kliyente sa AACI.

Mga Layunin ng Pananaliksik. Sa ilalim ng eksepsiyong ito, maaaring ilabas ng AACI ang protektadong impormasyon sa kalusugan na tungkol sa inyo sa ilalim ng ilang sitwasyon. Kabilang sa mga sitwasyong ito ang pag-apruba mula sa isang Institutional Review Board (Pang-instusyong Lupon sa Pagrerapaso o Lupon sa Pribasya), bilang paghahanda para sa pananaliksik, mga datos sa mga namatay, limitadong pangkat ng mga datos na may kasunduan sa paggamit ng mga datos, at na may awtorisasyon ninyo o ng personal na kinatawan.

Magtatatag ng mga patnubay ang AACI upang pangalagaan ang inyong protektadong impormasyon sa kalusugan bilang bahagi ng inyong pakikilahok sa proyekto ng pananaliksik.

Mga Kasama sa Negosyo at mga Kuwalipikadong Organisasyong Nagbibigay ng Serbisyo. May ilang mga serbisyong ibinibigay sa AACI sa pamamagitan ng mga kontrata sa mga kasama sa negosyo at para sa iba pang mga programa ng AACI, Qualified Service Organization (Kuwalipikadong Organisasyong Nagbibigay ng Serbisyo - QSO). Maaaring isiwalat ng AACI ang inyong protektadong impormasyon sa kalusugan sa mga kasama sa negosyo at QSO upang maisagawa ang kanilang mga nakakontratang tungkulin sa ngalan ng AACI. Kabilang ngunit hindi limitado sa mga halimbawa ang mga serbisyo ng doctor, ilang mga pagsusuri ng laboratoryo, billing, pagsusuri, at copy service na aming ginagamit sa paggawa ng mga kopya ng inyong rekord ng kalusugan. Upang maprotektahan ang inyong PHI, inatasan ng pederal na batas ang mga kasama sa negosyo at QSO na pangalagaan ang inyong impormasyon sa tamang paraan. Bilang karagdagan sa mga programa ng AACI ay ang mga kasama sa negosyo at QSO ng isa't isa para sa mga layunin ng pagbibigay ng pinagsama-samang pangangalaga at pag-uugnay ng mga referral at serbisyo para sa mga pasyente ng mga programa ng AACI, para sa pang-administratibong suporta, billing at mga aktibidad ng pagsunod, para sa pagsusuri at ebalwasyon ng mga serbisyong ibinigay ng mga programa ng AACI at para sa data entry at magme-mainline ng elektronikong sistema ng rekord na pangkalusugan.

Mga Pag-o-audit at Ebalwasyon ng Programa. Maaaring isiwalat ng AACI ang inyong protektadong impormasyon sa kalusugan kapag ang ahensya ng gobyernong nagpopondo at nangangasiwa sa AACI, isang ikatlong partidong tagapagbayad o organisasyong peer review ay humiling ng access sa mga rekord ng AACI. Ang auditor o tagasuri ay dapat na sumang-ayon sa pamamagitan ng pagsulat na muling isisiwalat lamang nito ang pantukoy na impormasyon pabalik sa AACI alinsunod sa utos ng korte upang imbestigahan o usigin ang AACI (hindi kayo), at/o sa ahensya ng gobyerno na nangangasiwa sa pag-o-audit o pagsusuri ng Medicare o Medicaid (Medi-Cal). Bilang karagdagan, ang inyong mga rekord ay maaari lamang matanggal mula sa mga pasilidad ng AACI sa isang pangako sa paraan ng pagsulat upang pangalagaan ang mga rekord, hindi upang muling isiwalat ang mga rekord na lumalabag sa batas, upang sirain ang lahat ng mga kopya ng inyong pantukoy na impormasyon kapag ito ay hindi na kailanman kailangan para sa mga nilalayong layunin at upang ibalik ang lahat ng orihinal ng inyong PHI sa AACI sa pagkumpleto ng pag-o-audit o pagsusuri.

Mandatory Reporting (Iniaatas na Pag-uulat). Gaya ng iniaatas ng batas, maaaring isiwalat ng AACI ang inyong protektadong impormasyon sa kalusugan sa mga sumusunod na kalagayan:

1. Kapag kayo ay nagbantang manakit ng (mga) ibang tao, ang (mga) taong iyon at/o ang pulisya at dapat na mabigyan ng kaalaman.
2. Kapag kailangan, kung kayo ay isang seryosong banta sa inyong sariling kalusugan at kaligtasan.
3. Lahat ng pagkakataon ng pinaghihinalaang pang-aabuso sa bata ay dapat na iulat.
4. Lahat ng pagkakataon ng pinaghihinalaang pang-aabuso sa matatanda/dumedependeng adulto ay dapat na iulat.

Pangangalap ng Pondo. Maaaring humiling sa inyo ang AACI ng inyong nakasulat na awtorisasyon upang gamitin ang inyong protektadong impormasyon sa kalusugan para sa mga layunin ng pangangalap ng pondo. Gagamitin lamang ng AACI ang inyong PHI nang may nakasulat na awtorisasyon ninyo. Ngunit, maaaring gamitin ng AACI ang limitadong pangkat ng datos at/o istorya ng pasyente nang walang pantukoy na impormasyon para sa mga layunin ng pangangalap ng pondo habang pinananatili ang kumpidensyalidad ng pasyente.

Ang anumang mga kahilingan para sa pagsisiwalat ng inyong protektadong impormasyon sa kalusugan na hindi saklaw ng Paunawang ito ay hindi ipagkakaloob nang walang paunang awtorisasyon ninyo at/o nang walang

pag-apruba ng Privacy Officer (Opisyal ng Pribasya) at/o ng kanyang mga itinalaga. Ang mga pagsisiwalat na isinasagawa ng AACI tungkol sa inyong PHI ay pananatilihin nasa kinakailangang minimum.

Mga Tala sa Psychotherapy. Anumang kahilingan para sa paggamit at pagsisiwalat ng mga tala sa psychotherapy by sinuman bukod sa nagsulat ng mga tala para sa mga layunin ng paggagamot ay dapat na aprubahan ng Privacy Officer (Opisyal ng Pribasya) at/o ng kanyang mga itinalaga. Sa karamihan sa mga kaso, ang isang awtorisasyon ninyo at/o ng inyong ligal na kinatawan ay kakailanganin. Ang mga kasong maliban dito ay kung saan:

- Inaprubahan ng Privacy Officer (Opisyal ng Pribasya) at/o kanyang mga itinalaga ang paggamit ng mga Tala sa isang panloob programang pagsasanay para sa staff ng paggagamot na pinangasiwaan nang tama;
- Ang mga Tala ay ginamit upang bumuo ng depensa laban sa isang ligal na aksyon na inyong iniharap laban sa AACI at/o ng provider. Ang Privacy Officer (Opisyal ng Pribasya) at/o kanyang mga itinalaga, kasama ang abogado, ay magpapasya ng pangangailangan sa paggamit at pagsisiwalat ng mga tala sa psychotherapy upang tumulong sa depensa; at/o
- Sa ibang mga sitwasyon kung saan ang pagsisiwalat ay iniaatas ng batas o regulasyon upang tulungan ang pangangasiwa sa pangangalagang pangkalusugan, upang malaman o imbestigahan ang pagsunod ng AACI sa Patakaran ng Pribasya sa ilalim ng HIPAA, o upang tumulong sa pagpapatupad ng batas sa ilang mga limitadong sitwasyon.

Sa bawat isa sa mga sitwasyong inilarawan sa talatang ito, dapat na sumangguni sa Privacy Officer (Opisyal ng Pribasya) at/o kanyang mga itinalaga. Sila, gamit ang payong mula sa abogado, ay magpapasya kung kailangan ng pagsisiwalat at kung hanggang saan ang pagsisiwalat ng mga tala sa psychotherapy. Sa lahat ng mga kaso, ang pagbuo o paggamit ng mga tala sa psychotherapy upang tumulong sa inyong pangangalaga ay ililimita lamang sa pagbibigay-serbisyo sa mga miyembro ng team sa AACI. Ang mga hakbang na gagawin ng isang nanggagamot na propesyonal upang masiguro na ang mga talang ito ay naaprubahan ng Privacy Officer (Opisyal ng Pribasya) at/o kanyang mga itinalaga.

Mga Pagsisiwalat sa Pagkalulong sa Droga. Kung kayo ay nasa isa sa aming mga Substance Abuse Treatment Program (Programang Paggagamot sa Pagkalulong sa Droga), hindi isisiwalat ng AACI ang alinman sa inyong protektadong impormasyon sa kalusugan nang wala ang inyong paunang pahintulot at/o nang hindi kinukuha ang pag-apruba ng Privacy Officer (Opisyal ng Pribasya) at/o kanyang mga itinalaga.

Kami ay may mga partikular na obligasyon tungkol sa paggamit at pagsisiwalat ng inyong impormasyon alinsunod sa dalawang pederal na batas, Federal Confidentiality Law (42 C.F.R., Bahagi 2) at ang Health Insurance Portability and Accountability Act (HIPAA, 45 C.F.R., Mga Bahagi 160 at 164).

Ang mga batas na ito ay nagbabawal sa aming programang isiwalat sa ikatlong partido ang tungkol sa inyong pagdalo sa aming programa, o isiwalat ang anumang impormasyon na tumutukoy sa inyo bilang kalahok sa isang programa sa alkohol o droga, o isiwalat ang anumang protektadong impormasyon maliban sa mga pagkakataong ipinagkakaloob sa batas gaya ng nakasaad sa 42 C.F.R. Bahagi 2 o ang mga naaangkop na mga probisyon ng HIPAA ng 1996, 45 CFR bahagi 160 at 164). Hindi namin gagamitin o isisiwalat ang anumang PHI, maliban kung pinirmahan ninyo ang isang form upang awtorisahan ang paggamit at pagsisiwalat nito, o maliban kung ang Korte ay nag-isyu ng utos na nagsasabi sa aming isiwalat ang inyong PHI.

Ang Inyong Mga Karapatan. Kayo ay may mga partikular na karapatang may kinalaman sa protektadong impormasyon sa kalusugan. Ang seksyon na ito ng aming Paunawa ay naglalarawan sa inyong mga karapatan at kung paano gagamitin ang mga ito:

Karapatang Magsiyasat at Kumuha ng Kopya. Maaari naming tanggihan ang kahilingang siyasatin at kopyahin ang PHI sa mga limitadong pagkakataon gaya ng: ilang impormasyong may kaugnayan sa paggagamot sa sakit sa pag-iisip o impormasyong nakalap sa isang sibil, kriminal o administratibong aksyon o paglilitis, o ilang PHI na sumasailalim sa Clinical Laboratory Improvements Amendment ng 1988.

Upang siyasatin at kumuha ng kopya ng inyong protektadong impormasyon sa kalusugan, kayo ay dapat na magsumite ng inyong kahilingan sa nakasulat na paraan sa Privacy Officer (Opisyal ng Pribasya) at/o kanyang mga itinalaga. Kung hihilingin ninyong kumuha ng kopya ng impormasyon, maaari namin kayong singilin ng fee para sa mga gastos sa pagpapakopya at pagpapakoreo, at para sa anumang iba pang mga gastusing may kaugnayan sa inyong kahilingan.

Maaari naming tanggihan ang inyong kahilingang magsiyasat o kumuha ng kopya sa ilang mga napakalimitadong pagkakataon. Kung ang inyong kahilingan ay natanggihan, maaari kayong humiling na ma-review ang pagtanggap. Kami ay magtatalaga ng lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan upang i-review ang aming desisyon ng pagtanggap sa inyong kahilingan. Ang taong nagsasagawa ng review ay hindi parehong taong tumanggi sa inyong kahilingan. Kami ay susunod sa kalalabasan ng review na ito. Ngunit, ang ilang mga pagtanggap, gaya ng mga may kinalaman sa mga tala sa psychotherapy ay hindi ire-review.

Karapatang Baguhin. Kung sa tingin ninyo ang impormasyon sa kalusugan na aming pinananatili tungkol sa inyo ay hindi tama o hindi kumpleto, maaari ninyong hilingin sa amin na baguhin ang impormasyon. Kayo ay may karapatang humiling ng pagbabago para sa anumang impormasyong aming pinananatili na tungkol sa inyo. Upang humiling ng isang pagbabago, ang inyong kahilingan ay dapat na gawin sa paraan ng pagsulat, maisumite sa Privacy Officer (Opisyal ng Pribasya) at/o kanyang mga itinalaga, at dapat na nakapaloob sa isang pirasong papel na nakasulat na mababasa o naka-type. Bilang karagdagan, kayo ay dapat na magbigay ng dahilang sumusuporta sa inyong kahilingan para sa pagbabago.

Maaari naming tanggihan ang inyong kahilingan para sa pagbabago kung ito ay hindi nakasulat o hindi sinasamahan ng dahilang sumusuporta sa inyong kahilingan. Bilang karagdagan, maaari naming tanggihan ang inyong kahilingan kung hiniling ninyo sa amin na baguhin ang impormasyon na:

- Hindi namin nilikha;
- Hindi bahagi ng impormasyon sa kalusugan na pinananatili ng AACI
- Hindi bahagi ng impormasyong kung saan kayo ay pinahihintulatang siyasatin at kopyahin; at/o
- Tumpak at kumpleto

Ang anumang pagbabagong aming ginawa sa inyong impormasyon sa kalusugan ay isisiwalat sa mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nakikibahagi sa inyong pangangalaga at sa iba upang isagawa ang pagbabayad at mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan, gaya ng dating inilarawan sa paunawang ito.

Karapatang Tumanggap ng Paglalahad ng mga Isiniwalat. Kayo ay may karapatang tumanggap ng paglalahad ng ilang mga pagsisiwalat sa inyong impormasyon sa kalusugan na aming isinagawa. Ang anumang

paglalahad ay hindi kabibilangan ng lahat ng mga pagsisiwalat na aming isinasagawa. Halimbawa, ang mga paglalahad ay hindi kabibilangan ng pagsisiwalat:

- Upang isagawa ang paggagamot, pagbabayad at mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan gaya ng dating inilarawan sa paunawang ito;
- Alinsunod sa inyong nakasulat na awtorisasyon;
- Sa isang miyembro ng pamilya, ibang kamag-anak, o personal na kaibigang nakikibahagi sa inyong pangangalaga o pagbabayad ng inyong pangangalaga kapag kayo ay nagbigay sa amin ng permisong gawin iyon; at/o
- Sa mga opisyal ng pagpapatupad ng batas gaya ng pinahihintulutan ng mga pang-Estado at Pederal na batas.

Upang humiling ng paglalahad ng mga pagsisiwalat, kayo ay dapat na magsumite ng inyong kahilingan sa nakasulat na paraan sa Privacy Officer (Opisyal ng Pribasya) at/o kanyang mga itinalaga. Dapat ipahayag ng inyong kahilingan ang haba ng panahong hindi hihigit sa anim (6) na buwan at hindi maaaring kabilangan ng mga petsa bago ang Ika-14 ng Abril 2003. Ang unang listahang inyong hiniling sa loob ng panahon ng 12 buwan ay magiging libre. Para sa mga karagdagang listahan, maaari namin kayong singilin para sa mga gastos sa pagbibigay ng listahan. Ipapaalam namin sa inyo ang gastos kaugnay rito at maaari ninyong piliing iurong o baguhin ang inyong kahilingan sa panahong iyon bago pagsamahin ang anumang mga gastos. Ipadadala namin sa inyo sa pamamagitan ng koreo ang listahan ng mga pagsisiwalat sa nakapapel na pormat sa loob ng 30 araw ng inyong kahilingan, o aabisuhan kayo kung hindi namin maibibigay sa inyo ang listahan sa loob ng haba ng panahong iyon at hihiling ng panibagong 30 araw na ekstensyon.

Karapatang Humiling ng mga Pagbabawal. Kayo ay may karapatang humiling mga pagbabawal o limitasyon sa impormasyon sa kalusugang tungkol sa inyo na aming ginagamit o isinisiwalat para sa paggagamot, pagbabayad, o mga pagpapatakbo sa pangangalagang pangkalusugan. Kayo rin ay may karapatang humiling ng limit sa impormasyon sa kalusugan na aming isinisiwalat na tungkol sa inyo sa ibang taong nakikibahagi sa inyong pangangalaga o sa pagbabayad ng inyong pangangalaga, kagaya ng miyembro ng pamilya o kaibigan. Halimbawa, maaari kayong humiling na hindi namin isiwalat ang impormasyong tungkol sa inyo sa partikular na doktor o iba pang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan, o na hindi namin isiwalat ang impormasyon sa inyong asawa tungkol sa partikular na pangangalagang inyong natanggap.

Ngunit kami ay hindi kinakailangang sumang-ayon sa inyong kahilingan para sa mga pagbabawal kung ito ay hindi namin magagawa upang sumunod sa inyong kahilingan o kung kami ay naniniwalang ito ay negatibong makakaapekto sa aming kakayahang mapangalagaan kayo. Ngunit kung kami ay sadyang sumasang-ayon, kami ay susunod sa inyong kahilingan maliban kung ang impormasyon ay kailangan upang magkaloob ng paggagamot sa panahon ng emergency. Upang humiling ng pagbabawal, kayo ay dapat na gumawa ng inyong kahilingan sa nakasulat na paraan sa Privacy Officer (Opisyal ng Pribasya) at/o kanyang mga itinalaga. Sa inyong kahilingan, dapat ninyong sabihin sa amin kung anong impormasyon ang nais ninyong malimitahan at kung kanino ninyo nais iangkop ang mga limitasyon.

Karapatang Tumanggap ng mga Kumpidensyal na Komunikasyon. Kayo ay may karapatang humiling na kami ay makipag-usap sa inyo tungkol sa mga bagay sa kalusugan sa partikular na paraan. Halimbawa, maaari kayong humiling na kami ay makikipag-ugnay lamang sa inyo sa trabaho o sa pamamagitan ng koreo sa isang tinukoy na adres.

Upang humiling na kami ay makipag-usap sa inyo sa partikular na paraan, kayo ay dapat na gumawa ng inyong kahilingan sa nakasulat na paraan sa Privacy Officer (Opisyal ng Pribasya) at/o kanyang mga itinalaga.

Hindi namin itatanong ang dahilan para sa inyong kahilingan. Dapat tukuyin sa inyong kahilingan kung paano o kung saan nais ninyong makipag-ugnay sa inyo. Kami ay susunod sa inyong kahilingan upang tumanggap ng kumpidensyal na komunikasyon kung ito ay magagawa ng AACI.

Karapatan sa Papel na Kopya ng Paunawang ito. Kayo ay may karaparang tumanggap ng papel na kopya ng Paunawang ito sa anumang oras. Upang tumanggap ng kopya, mangyaring hilingin ito sa Privacy Officer (Opisyal ng Pribasya) at/o kanyang mga itinalaga. Maaari rin kayong kumuha ng kopya ng paunawang ito sa aming website, sa www.aaci.org.

Iba pang mga Paggamit at Pagsisiwalat ng Inyong Impormasyon sa Kalusugan. Ang iba pang mga paggamit at pagsisiwalat ng inyong protektadong impormasyon sa kalusugan na hindi sakop ng kasalukuyan naming Paunawa o mga naaangkop na batas ay gagawin lamang kasama ang inyong nakasulat na awtorisasyon. Kung bibigyan ninyo kami ng inyong nakasulat na awtorisasyon upang gamitin o isiwalat ang inyong protektadong impormasyon sa kalusugan, maaari ninyong bawiin ang inyong awtorisasyon, sa paraan ng pagsulat, sa anumang oras. Kung inyong babawiin ang inyong awtorisasyon, hindi na namin gagamitin o isisiwalat ang inyong protektadong impormasyon sa kalusugan para sa mga dahilang sakop ng inyong nakasulat na awtorisasyon. Nauunawaan ninyong hindi namin maaaring mabawi ang anumang mga naunang paggamit at pagsisiwalat na amin nang nagawa nang may inyong awtorisasyon, at na kami ay inaatasang magtago ng aming mga rekord ng pangangalaga na aming ipinagkaloob sa inyo.

Mga Pagbabago sa Paunawang ito. Pinananatili ng AACI ang karapatang baguhin ang Paunawang ito at gawing epektibo ang binagong Paunawa para sa lahat ng impormasyon sa kalusugang tungkol sa inyo na aming pinananatili, ito man ay impormasyong tungkol sa inyo na dati naming natanggap o impormasyong tungkol sa inyo na maaari naming matanggap sa hinaharap. Isasaad ng aming Paunawa ang epektibong petsa sa unang pahina, sa gitnang itaas na bahagi ng pahina. Bibigyan din namin kayo ng kopya ng kasalukuyan naming Paunawa kapag hiniling. Sa mga kaso ng hindi pagkakasundo, sumangguni sa bersyong Ingles ng Paunawang ito.

Pagsampa ng Reklamo. Kung kayo ay naniniwalang ang inyong protektadong impormasyon sa kalusugan ay inilabas sa hindi tamang paraan at nagnanais na magsampa ng reklamo, mangyaring ilarawan kung ano ang nangyari at ibigay sa amin ang mga petsa at pangalan ng sinumang sangkot. Mangyaring ipaalam din sa amin kung paano makikipag-ugnay sa inyo nang sa gayon ay makatugon kami sa inyong reklamo. Kayo ay hindi parurusahan dahil sa pagsampa ng reklamo. Maaari ninyong isumite ang inyong reklamo sa Privacy Officer (Opisyal ng Pribasya) at/o kanyang mga itinalaga.

MGA KONDISYON SA PAGGAGAMOT

Ang AACI ay pinapatakbo bilang isang pinagsamang “Health Home” (“Tahanan ng Kalusugan”) upang magkaloob ng pinakamainam na pangangalaga para sa inyo. Upang masiguro ang mga de-kalidad na serbisyo at upang mapagsilbihan kayo sa mas mabuting paraan, dapat naming ipabasa at kunin ang inyong pahintulot sa mga kondisyon sa paggagamot sa ibaba. Kung kayo ay mayroong anumang mga katanungan o pag-aalala tungkol sa dokumentong ito, mangyaring makipag-ugnay sa service team sa AACI, salamat.

PAHINTULOT SA PANGANGALAGA: Pinahihintulutan ko ang mga pamamaraang maaaring isagawa sa panahon ng anumang pagbisita sa AACI sa alinman sa mga lokasyon at programa nito. Ang inyong pirma sa huling pahina ng paketeng ito ay nagbibigay ng inyong pahintulot para sa boluntaryong paggagamot sa kalusugang medikal at pag-uugali at iba pang mga kasamang ahensya ng AACI na nagbibigay ng serbisyo. Kung kayo ang ligal na kinatawan ng benepisyaryo, ang inyong pirma ay nagkaloob ng pahintulot na iyon.

- Ang inyong pahintulot para sa mga serbisyo ay nangangahulugan din na ang provider na ito/AACI ay may tungkuling ipaalam sa inyo ang tungkol sa kanilang mga rekomendasyon ng pangangalaga pati na rin ang mga panganib, gastos, benepisyo, at alternatibo sa inirerekomendang pangangalaga, nang sa gayon kayo ay nagpapasya ng ayon sa kaalaman tungkol sa inyong pakikilahok sa mga serbisyo at nalalaman ang kaugnayan ng mga ito sa inyong kaayusan. Bilang karagdagan sa pagkakaroon ng karapatang ihinto ang mga serbisyo sa anumang oras, kayo ay may karapatang tanggihan ang paggamit ng anumang mga rekomendasyon, interbensyon, o mga pamamaraan sa paggagamot.
- Maaaring magkaroon ng mga karagdagang form ng pagpapahintulot ang AACI para pirmahan ninyo na naglalarawan nang mas detalyado sa mga uri ng mga serbisyo na maaari ninyong matanggap. Ang mga serbisyong ito ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa: mga assessment at ebalwasyon sa kalusugang medikal at/o pag-uugali; pangangalagang pangkalusugan, psychotherapy; pamamahala ng kaso; mga serbisyo sa rehabilitasyon; serbisyo sa pagbibigay ng gamot; mga referral sa iba pang mga propesyonal; at mga pagsanguni sa ibang mga propesyonal sa ngalan ninyo.

PANG-EDUKASYON NA PAHINTULOT: Ang AACI ay isang pasilidad na pang-edukasyon na nakikilahok sa pagsasanay ng mga doktor, psychologist, social worker, estudyante at intern at iba pang service provider sa kalusugan, at sila at maaaring makilahok sa pangangalaga ng mga miyembro gaya ng maituturing na naaangkop ng mga tauhan ng AACI.

PAHINTULOT SA PAGKUHA NG LITRATO: Pinahihintulutan ko ang pagkuha ng mga litrato, videotape, digital o iba pang mga imahe ng aking medikal o surgical na kondisyon o paggagamot at paggamit ng mga imahe, para sa mga layunin ng aking diyagnosis o paggagamot o para sa mga pagpapatakbo sa AACI, kabilang ang peer review, elektronikong medikal na mga rekord, at mga programang pang-edukasyon o para sa pagsasanay nito.

PALITAN NG IMPORMASYON: Nauunawaan ng nakapirma na dapat ibahagi ng AACI ang partikular na impormasyon sa ibang panloob at panlabas na mga provider na nagiging kalahok sa inyong pangangalaga. Sa ilang mga kaso, ang AACI ay inaatasan ng batas na iulat at ilabas ang partikular na impormasyon. Ang mga

sitwasyong iyon pati na rin ang inyong mga karapatan at limit ng kumpidensyalidad ay ipinapaliwanag sa “Paunawa sa mga Gawaing ukol sa Pribasya” at sa aming “Beneficiary Complaint and Grievance Resolution Process” (“Proseso sa Pagresolba ng Reklamo at Karaingan ng Benepisyaryo”). Ang kumpidensyalidad ay pangkat ng mga patakaran upang protektahan ang inyong kalusugan at mga personal na rekord, na naglilimit ng access sa mga nangangailangan lamang nito. Ang lahat ng impormasyon tungkol sa inyong kalusugan ay mananatiling kumpidensyal at hindi ibabahagi sa ibang nasa labas ng AACI nang wala ang inyong pahintulot.

- May ilang mga kondisyon sa ilalim ng kung saan ang kumpidensyalidad na ito ay dapat na hindi matupad at ang impormasyon ay dapat na ibahagi sa mga naaangkop na indibidwal. Ang mga kondisyong ito ay ang sumusunod:
 1. Kapag kayo ay nagbantang manakit ng (mga) ibang tao, ang (mga) taong iyon at/o ang pulisya at dapat na mabigyan ng kaalaman.
 2. Kapag kailangan, kung kayo ay isang seryosong banta sa inyong sariling kalusugan at kaligtasan.
 3. Lahat ng pagkakataon ng pinaghihinalaang pang-aabuso sa bata ay dapat na iulat.
 4. Lahat ng pagkakataon ng pinaghihinalaang pang-aabuso sa matatanda/dumedependeng adulto ay dapat na iulat.
 5. Kung kami ay inutusan ng korteng ilabas ang inyong mga rekord, dapat namin itong gawin.
 6. Para sa mga layunin ng health insurance.

PAMPINANSYAL NA KASUNDUAN: Ang nakapirma, ito man ay pumipirma bilang isang pasyente o kinatawan ng pasyente, ay sumasang-ayon sa lahat ng mga singil para sa mga serbisyo ng AACI na hindi sakop ng pampubliko o pribadong insurance, alinsunod sa mga singil ng AACI at mga alituntunin para sa mga serbisyo sa miyembro. Kung ang account ay ini-refer sa isang abogado o ahensyang nangongolekta, ang nakapirma ay pumapayag na bayaran ang aktwal na halaga ng koleksyon, kabilang ang mga singil ng abogado, kasama ang interes sa ligal na singil.

PAGTATALAGA NG MGA BENEPISYO: Ang nakapirma, ito man ay pumipirma bilang isang pasyente o kinatawan ng pasyente, ay nagpapahintulot ng direktang pagbabayad sa AACI o anumang pampubliko o pribadong benepisyong mababayaran sa o sa ngalan ng pasyente para sa anumang serbisyo ng AACI. Kabilang sa mga serbisyon ito ay ang Medicare, Medi-Cal, o iba kang mga benepisyong programa ng gobyerno sa pangangalagang pangkalusugan. Pinahihintulutan ng nakapirma ang paglabas ng medikal na impormasyong kinakailangan upang malaman ang elihibilidad at mga mababayarang benepisyong at isumite at iproseso ang mga paghahabol sa kabayaran.

NAGPAPAHINTULOT SA KINATAWAN: Ang nakapirma sa pamamagitan nito ay nagpapahintulot sa AACI, sa pagpili nito ngunit nang walang obligasyon, na maging kinatawan ng pasyente para sa anumang aplikasyon at apela para sa elihibilidad at mga benepisyong may kaugnayan sa Medicare, Medi-Cal, o iba pang mga benepisyong programa ng gobyerno na may kaugnayan sa mga serbisyon ibinigay ng AACI.

ADVANCED MEDICAL DIRECTIVE: Ang nakapirma ay hinandugan ng nakasulat na materyal tungkol sa karapatang tanggapan at tanggihan ang mga medikal na paggagamot. Nauunawaan ng nakapirma na hindi isang pangangailangan ang magkaroon ng Advanced Directive upang tumanggap ng mga serbisyon medikal/pag-uugali sa AACI. Kinikilala ko sa pamamagitan nito ang impormasyon sa advance medical directive.

PAGKILALA NG PAGTANGGAP: Hiniling ko ang kabayaran ng mga awtorisadong benepisyong Medicare sa ngalan ko para sa anumang mga serbisyon isinaayos para sa akin ng o sa AACI. Bilang karagdagan, kinikilala ko sa pamamagitan nito ang pagtanggap ng paunawa sa mga gawaing ukol sa pribasya at ang impormasyong tungkol sa proseso ng Beneficiary Complaint and Grievance (Reklamo at Karaingan ng Benepisyaryo).

PINATUTUNAYAN NG NAKAPIRMA NA KANYANG NABASA AT NAUUNAWAAN ANG FORM NA ITO, NATANGGAP ANG KOPYA NITO, AT TINATANGGAP AT SINASANG-AYUNAN ANG PAGSUNOD SA MGA ALITUNTUNIN NITO.

Pangalan ng Kliyente/Pasyente/Miyembro: _____ Petsa ng kapanganakan: _____

Kaugnayan: Sarili Magulang Conservator Guardian

Pirma: _____ Petsa: _____

Magulang/Conservator/Guardian nakalimbag na pangalan: _____

For Staff Use Only:

MRN# _____ Unicare ID# _____

- Patient refused to acknowledge receipt of the Notice of Privacy Practices despite the following attempts:

- Client was not able to give informed consent and/or acknowledgment this time; there is no known LPS Conservator or, if client is a minor, there is no known parent or legal guardian who can be located. (Describe efforts made to obtain consent and/or acknowledgment and the reasons why they could not be obtained):

- Other reasons:

Witness/Authorized Staff Signature: _____ Date: _____